LBPL To-Go

Malugod na inaanunsyo ng Aklatang Pampubliko ng Long Beach (Long Beach Public Library) na mayroon nang walang pisikal na kontak na pag-pickup ng mga libro at mg DVD sa mga aklatan ng BJK Main, Michelle Obama Mark Twain at sa Bay Shore

Bilang paalala, manatili sa bahay kung kayo ay may sakit o may mga sintomas ng COVID-19.

Paano ang Proseso ng LBPL To-Go

Ika-1 Hakbang: Ipa-hold ang mga mga bagay

Maaari ninyong ipa-hold ang mga bagay sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono sa alin man apat na mga aklatan sa mga araw ng Martes hanggang Sabado:

BJK Main | 562-570-7500 | 10am-5pm

Michelle Obama | 562-570-1047 | 2pm-5pm

Mark Twain |562-570-1046 | 2pm-5pm

Bay Shore | 562-570-1039 | 2pm-5pm

Kunin sa alin man lokasyon na inyong pipiliin.

Ika-2 Hakbang: Hintayin ang notipikasyon, at pagkatapos sabihin sa amin kung kailan ito pwedeng kunin

Kung ang inyong pina-hold ay handa na, makakatanggap kayo ng noptipikasyon sa inyong email o tawag sa telepono na nagpaalala na tumawag kayo sa lokayson ng pag-pickup nangma-iskedyul ang inyong oras.

Walang mga hold na maaring kuhanin kung walang tawag para ipaskedyul ang pagkuha.

Ika-3 Hakbang: Dumating a Aklatan para sa inyong naka-iskedyul na pagkuha

Tawagan ang numero ng aklatan sa inyong pagdating. Isang tauhan ang magsasabi sa inyo kung kailan pwedeng lumapit sa mesa ng kuhaan.

Ika-4 Hakbang: Sundin ang mga instruksyon ng mga tauhan at maghintay hanggang ang inyong mga bagay ay naipwesto sa mesa ng kuhaan.

Kasama sa proseso ng pagkuha ng walang pisikal na kontak ng tauhan at mga patron ng aklatan. **Sundin ang mga instruksyon ng mga tauhan kung saan maghihintay at saan pupunta.**

Iinspeksyonin ng mga tauhan ang inyong mga ilalabas na mga bagay at ilalagay sa isang supot papel na kalakip ang inyong resibo ng check-out.

Para sa inyong kaligtasan at kaligtasan ng iba, magsuot ng pantakip sa mukha at tumayo ng hindi kukulang sa anim na talampakan mula sa isa't isa.

Mga Madalas na Katanungan (FAQs)

Anong oras maaaring kunin ang mga bagay?

Maaring kunin sa Martes hanggang Sabado, 10am – 1pm.

Sino ang mga maaaring gumamit ng LBPL To-Go?

LBPL To-Go ay para sa mga may library card na may buo at limitadong akseso, at may matinong account. Kung kayo ay may kailangang bayaran, dapat muna itong bayaran bago maaaring makakuha ng mga pina-hold na mga bagay – tawagan ang aming general reference line para asikasuhin ang anumang asunto hinggil sa inyong account: (562) 570-7500.

Para sa kaligtasan ng aming mga tauhan, hindi kami maaaring magproseso ng mga kabayaran o magrehistro ng mga bagong cardholders sa mga lokasyon ng LBPL To-Go. Ang LBPL to-GO ay hindi kasalukuyang para sa paggamit ng computer kundi cardholders lamang.

Sino ang maaaring kumuha ng mga bagay?

Kahit sino ay maaring kumuha ng inyong mga bagay ngunit dapat na sa kanila ang numero ng inyong library card. Makakatulong kung inyong ipaalam na mayroong kukuha para sa inyo ng inyong mga bagay sa naka-iskedyul ng pagkuha.

Ilang mga bagay ang maaari kong ipa-hold?

Ang mga online holds ay may limitasyon: 25 sa bawat library card. Mga holds na itinawag sa telepono ay maaari rin limitado depende sa dami ng tauhan at sa mga pangangailangan ng patron.

Hindi ako makakarating sa nakatakdang oras ng pagkuha, maaari bang magpa-iskedyul muli?

Oo. Tawagan ang pick-up library para ipaalam sa kanila.

Paano naman ang mga bagay na aking pina-hold sa iba pang mga lokasyon?

Lahat ng mga holds ay inilagay sa BJK Main Library bilang pangunahing lokasyon ng pagkuha. Kung gusto niyong palitan ang inyong lokasyon sa Michelle Obama, Mark Twain, o Bay Shore, mag-log sa inyong account at palitan ang inyong lokasyon sa kahit saan sa mga ito. Maaari niyo din tawagan ang aklatan at papalitan kung saan niyo kukunin.

Paano kung hindi ko makuha ang pina-hold sa isang LBPL To-GO na lokasyon o kung maghihintay na lang hanggang magbukas ang aklatan na malapit sa akin?

Tumawag sa aklatan sa 562-570-7500 para mapagusapan ang iba pang paraaan. Posible din na ipahinto muna ang inyong hold sa loob ng isang panahon.

Maari ko bang isauli ang mga libro na nasa akin sa bahay?

Oo! Ang mga hulugan ng libro ay bukas na pwera lamang ang BJK Main Library. Ihulog ang mga libro sa book drops at iwasan ang pag-abot nito sa mga tauhan.

Sa BJK Main Library, mga bagay ay maaaring isauli sa pasukan sa Pacific sa mga araw ng Martes hanggang Sabado, 10am-1pm. Huwag iiwan ang mga bagay sa labas ng pasukuan kung walang tauhan .

Inyong tandaan na mayroon 72 oras na quarantine para sa lahat ng mga isinauli. Ang mga bagay ay hindi muna tatanggalin sa inyong account hanggang 3-5 araw ng pagkatapos isauli.

Gaano katagal maaaring hiramin ang mga inilabas na materyales?

Aming tinagalan ang paghiram hanggang sa 30 araw, ng mabigyan ng mas maraming pagkakataon ang mga patron. Ang petsa ng pagsauli ay nakalista resibo sa inyong pagkuha.

Ang banyong pampubliko ba ay bukas?

Sa kasawiang palad, hindi po.

Ano ang mga pag-iingat sa kaligtasan na ginagawa ng mga tauhan ng LBPL?

Lahat ng mga tauhan ay kinakailangang magsuot ng maskara at magsasatupad ng social distancing mula sa ibang mga tauhan at mga miyembro ng publiko habang nagseserbisyo ng walang kontak. Palagi naming linilinis ang mga ibabaw na madalas hawakan. Mga isinauling mga materyales ay ika-quarantine ng 72 oras bago i-check in muli.

Saan ako makakahanap ng mga bagong impormasyon higgil sa COVID-19?

Para sa mga karagdagang impormasyon hinggil sa Coronavirus (COVID-19), dumalaw sa Long Beach Health and Human Services.

Para sa mga bagong balita hinggil sa mga serbisyo ng Aklatan, umantabay sa aming website at magpal-ista sa aming lingguhang newsletter.